kababaihan, karahasan at ang batas

mga magkakaibang grupo, magkakaibang pangangailangan...

• Kababaihang hindi Ingles ang katutubong wika • mga Lesbiyan (Lesbians) • Matatandang Kababaihan • Kababaihang Taga-nayon • Kababaihang may mga kapansanan • Kabataang Kababaihan

mga katotohanan

- **ANG KARAHASAN SA KABABAIHAN AY ISANG KRIMEN.**
- **LAHAT NG KABABAIHAN AT MGA BATA AY MAY KARAPATANG MAMUHAY NANG LIGTAS SA LOOB AT LABAS NG PAMAMAHAY.**
- **KARAMIHAN SA KABABAIHAN AY NAKAKARANAS NG KARAHASAN MULA SA TAONG KILALA NILA AT PINAGKAKATIWALAAN.**
- **ANG MGA BIKTIMA NG KARAHASAN AY MAY KARAPATANG PANIWALAAN AT MAKATANGGAP NG SUPORTA.**

ano ang magagawa ng batas?

Nariyan ang batas upang pangalagaan ka.

Kung ikaw ay sekswal na dinahas, maisusuplong mo ang krimen sa pulisya at kung mayroong sapat na ebidensya, ang kaso ay maisasampa sa hukuman.

Ikaw ay makakapag-aplay para sa kompensasyon ng biktima sa loob ng dalawang taon mula sa pagkakaganap ng karahasan.

Kung nakakaranas ka ng karahasan mula sa iyong ka-partner o dating ka-partner, ang 'Apprehended Violence Order' (AVO) ay maaaring ipalabas ng hukuman, na may mga kondisyong nagpapahayag na ang marahas na tao ay hindi dapat kumilos sa mga paraang nananakot o marahas laban sa iyo.

Ang mga ikinikilos na kinatatakutan mo ay maaaring pisikal na pang-aabuso at/o kaya hindi pisikal na pang-aabuso gaya ng panliligalig sa iyo o sa iyong ka-pamilya, lihim na pasunod-sunod, sekswal na panliligalig, karahasan o pananakot.

Ang isang opisyal ng pulisya o 'Chamber Registrar' (sa isang Hukumang Lokal) ang makakatulong sa pagsasa-ayos ng aplikasyon ng AVO para sa iyo.

Ang AVO ay hindi isang pangkriminal na kaso subali't kung ang taong tinutukoy ay sumuway sa mga kondisyon ng AVO (tawag ay pagsuway), ito ay isang pagkakasalang kriminal at maaaring hulihin ng pulis ang tao. Maaaring mauwi ito sa isang paghaharap sa hukuman at malamang na masentensyahan.

Nariiryan ang tulong. May mga pangkomunidad na serbisyong makapagbibigay ng payo, pag-aalalay at suporta.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa karahasan sa kababaihan bisitahin ang website sa: www.lawlink.nsw.gov.au/vaw o kaya tawagan ang numero 02 9716 2061

Maraming uri ng karahasan ay krimen

Ang karahasan ay makikita sa maraming anyo at hindi lagi nag-iiwan ng nakikitang mga pinsala gaya ng mga pasa o kaya mga baling-buto.

Kabilang sa karahasan sa kababaihan ang:

- **Panliligalig na Sekswal** – *hindi gusto at hindi tinatanggap na sekswal na atensyon*
- **Pagmamatyag na may pakay nang karahasan** – *pagsunod, pamamatyag, pagpunta sa mga lugar gaya ng tahanan, pinagtatrabahuhan o kaya mga pang-sosyalan*
- **Karahasan sa Tahanan** – *kabilang ang pisikal, pinansyal, emosyonal o kaya sekswal na pang-aabuso*
- **Sekswal na Karahasan** – *pinagsapilitang isali sa anumang uri ng hindi kagustuhang sekswal na pagtatalik*
- **Pang-aabusong Sosyal** – *nilalayong mapag-isa ang biktima at walang pakikipag-ugnayan sa mga kaibigan at pamilya*
- **Mga Krimeng Pagkamuhi** – *pang-aabuso ng dahil sa pagkakabilang sa isang grupo – maaaring mga krimeng nagtulak ay pagka-ilang sa tao (homophobic), pagka-rasista (racist) o kaya ang hindi makapagparaya (ageist)*

Ang karahasan sa kababaihan ay ***di-kailanman*** mapapatawad

Ang biktima ng karahasan ay *di- kailanman responsable* sa karahasan

Ang karahasan ay nagaganap sa lahat ng mga kultura. Ang relihiyon o kultura ay hindi mga kadahilanan, o katwiran para sa karahasan.

Magiging mahirap ang unang hakbang upang makalabas sa isang relasyong may karahasan.

Ang mga iba't-ibang grupo ng kababaihan ay may iba't-ibang pangangailangan. Ang polyetong ito ay magbibigay ng matatawagang mga numero kung saan makakahingi ka ng libreng impormasyon at payo upang sagutin o suportahan ang iyong mga mapagpipilian at pangangailangan.

mga mahahalagang matatawagang numero

Sekswal na karahasan

Kontakin ang 'NSW Rape Crisis Centre' para sa 24 oras na pagpapayo o kaya sa paghahanap ng iyong pinakamalapit na serbisyo para sa mga biktima ng sekswal na karahasan

..... 1800 424 017
..... www.nswrapecrisis.com.au

Karahasan sa Pamilya

Linya para sa karahasan sa Pamilya – 24 oras 1800 65 64 63

Serbisyo laban sa karahasan sa Pamilya
(libreng legal na pagpapayo at pamamaraan nang
paglapit sa Korte) 8745 6999
Labas ng Sydney 1800 810 784

Kababaihang may mga kapansanan

Aksyon para sa mga Taong may Kapansanan 9449 5355

Paglilingkod sa mga Karapatan ng may-kapansanang
Intelektwal 9318 0144
Labas ng Sydney 1800 666 611

Sentrong Pambatas para sa Diskriminasyon
sa may Kapansanan 9310 7722
Labas ng Sydney 1800 800 708

Mga Taong may Kapansanan 9370 3100
Labas ng Sydney 1800 422 015

Kababaihang hindi Ingles ang katutubong wika

Sumbungan ng mga migranteng Kababaihan 9635 8022

Sentro ng Pagpapayo at Karapatang pang- Imigrasyon 9281 8355

Serbisyo ng Pagsasaling-wika sa Telepono (TIS) –24 oras 131 450

Mga Sentro ng Dulugan ng Migrante –
tawagan ang pantulong sa direktoryo ng telepono 12455/1223

Matatandang Kababaihan

Serbisyong Pangkarapatan kaugnay sa
Pangangalaga ng Matatanda..... 9281 3600
Labas ng Sydney 1800 424 079

Ugnayan ng mga Matatandang Kababaihan 9247 7046

Kagawaran ng Pagtanda, May Kapansanan
at Pag-aalaga sa Tahanan 8270 2000

Kabataang Kababaihan

Lifeline – 24 hrs (Linyang-tawagan Pangbuhay- 24 oras) 13 11 14

Linyang tawagan pantulong sa mga bata-24 oras..... 1800 55 1800
..... www.kidshelp.com.au

Lawstuff (Usaping pambatas)
i-Email ang inyong mga katanungan
tungkol sa batas ..... www.lawstuff.org.au

Pambansang Sentro Tungkol sa Batas ng mga
bata at Kabataan 9385 9588
Linyang tawagan pantulong na legal
para sa wala pang edad 18 ..... 1800 101 810

Dympna House (Bahay Dympna)
(Tahanan at serbisyong madudulugan ng mga kababaihan
at batang apektado ng karahasang sekswal) 9797 6733
Labas ng Sydney 1800 654 119

Mga Lesbiyan

Serbisyo sa mga Karapatan at Batas ukol
sa mga Lesbiyan at Bakla..... 9332 1966

Proyekto laban sa karahasan para sa Lesbiyan at Bakla..... 9206 2066
Labas ng Sydney 1800 063 060

Serbisyo sa Pagpapayo para sa Lesbiyan at Bakla 8594 9596

Mga taga-ugnayang opisyal ng Pulisya
para sa Lesbiyan at Bakla 9281 0000

Batas Pampamilya

Linyang matatawagan tungkol sa batas 1300 888 529
.....www.lawaccess.nsw.gov.au

Pangsuporta sa Kababaihan at bata

Mga Serbisyo tungkol sa Batas para sa Kababaihan Ng NSW 9749 5533
Labas ng Sydney 1800 801 501

Linyang-tawagang pantulong ng DoCS- 24 oras 132 111

Mga Biktima ng Krimen

Linyang-tawagan pangsuporta sa mga
biktima ng krimen-24 oras 1800 633 063

Pulisya

Sa pangkagipitang pagtawag 000

Impormasyong pang-Legal

Ang 'Women's Legal Services NSW' ay makapagbibigay ng impormasyon at tulong para ilapit ka sa iyong lokal na Sentrong Legal ng Komunidad o Opisina ng Tulong Pambatas.

Mga Serbisyong tungkol sa batas
para sa Kababaihan ng NSW..... 9749 5533
Labas ng Sydney 1800 801 501

Diskriminasyon at Panliligalig

Lupon Laban sa Diskriminasyon 1800 670 812

Iba pa

Ang Guardianship Tribunal (Tribunal Pang-tagapangalaga)
ay makapaghihirang ng ayon sa batas ng mga tagapangalaga
at tagapangasiwang pampinansyal para sa mga taong
wala pa sa edad na 16 o mahigit pa 1800 463 928

Ang karahasan ay kalimitang lumalala habang tumatagal.
Mas mabuting kumilos at humanap ng suporta habang maaga. KUMILOS NA NGAYON!

New South Wales Government

Ang Yunit na Dalubhasa sa Karaharasan Laban sa Kababaihan (Violence Against Women Specialist Unit) ang nagpapatupad sa Estratetihiya ng NSW upang mabawasan ang Karahasan laban sa Kababaihan (NSW Strategy to Reduce Violence Against Women), na isang mahalagang inisyatiba ng pamahalaang Estado upang matugunan ang karahasan laban sa kababaihan.
Tawagan ang numerong 02 9716 2061 vaw-unit@community.nsw.gov.au, **www.lawlink.nsw.gov.au/vaw**
Sangay Pang-Komunidad - Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkomunidad ng NSW
Inilathala ng Sangay Pangkomunidad, NSW Department of Community Services, Nobyembre 2006

VAW
NSW Strategy To Reduce Violence Against Women